Ang Senso ay Gaganapin sa 2020

Ang susunod na Senso ay sa Tagsibol (Spring) sa 2020. Tiyakin nating mabibilang ang lahat ng mga taga-California upang magamit natin nang mabuti ang mga mapagkukunang iyon dito sa ating lugar!

- **MAGTAYO NG MAS MAAYOS NA MGA KALSADA AT PAARALAN**
- **PONDOHAN ANG MGA PANGKOMUNIDAD NA PROGRAMA PARA SA MGA NAKATATANDA, BATA AT PAMILYA**
- **LUMIKHA NG MGA TRABAHO**
- **MAPABUTI ANG PABAHAY**

Simula sa gitnang bahagi ng Marso 2020, makakakuha ang bawat sambahayan ng isang sulat sa koreo. Ipapaliwanag nito ang iba't ibang paraan na masasagutan mo ang Senso. Kung hindi ka makatanggap ng isang sulat, maaari ka pa ring mag-online o tumawag para sagutan ito. Tiyaking maibibilang mo ang sinumang taong naninirahan sa iyong sambahayan, kapamilya man o hindi.

Mga Pangunahing Petsa ng Senso

Marso 12–20	Ipapadala sa pamamagitan ng koreo ang mga imbitasyon para sa 2020 Senso
Marso 16–24	Ipapadala ang mga sulat ng paalala
Marso 26– Abril 3	Ipapadala ang postkard ng paalala
Abril 1	ARAW NG SENSO!
Abril 8–16	Ipapadala ang ikalawang paalala at pisikal na kopya ng Senso
Abril 20–27	Ipapadala ang huling mga postkard bago ang personal na pag-follow-up

Tatlong Paraan Para Kumpletuhin ang Senso

KOREO Humiling ng isang form ng Senso na nasa papel sa wikang Ingles o Espanyol na maaaring ipadala pabalik sa Kawanihan ng Senso ng U.S.

TELEPONO Maaaring kumpletuhin ang Senso sa pamamagitan ng telepono sa 13 wika.

ONLINE Sa unang pagkakataon, magiging available ang form ng Senso para kumpletuhin nang online sa 13 wika.

Ang iyong datos sa 2020 Senso ay ligtas, protektado at kumpidensiyal. Nakatuon ang California sa pagtiyak ng isang kumpleto at tumpak na bilang ng lahat ng mga taga-California sa Abril 1, 2020.

CaliforniaCensus.org **@CACensus**